Nagpadala ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng mga Ispiya, Dumating sa kanila ang ginaw at nang dumating sila sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ipinag-utos niya sa kanila ang pagpunas sa turban at sandalyas

Ayon kay Thawban-malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi;((Nagpadala ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng mga Ispiya, Dumating sa kanila ang ginaw at nang dumating sila sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,ipinag-utos niya sa kanila ang pagpunas sa turban at sandalyas))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinapahayag ni Thawban-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagpadala ng grupo mula sa mga kasamahan niya upang makipag-tagpo sa mga walang pananampalataya,at habang sila ay nasa paglalakbay nila,nahihirapan sila sa pagtanggal ng mga turban at mga sandalyas dahil sa matinding lamig ng panahon,At nang dumating sila sa Madinah,ibinalita nila ito kay Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tungkol doon.Kaya`t ipinahintulot sa kanila ang pagpunas ng turban at sa sandalyas,ito man ay yari sa balat (ng hayop),o yari sa lana, o yari sa balahibo,bilang pagpapagaan at pagpapadali sa Taong inobliga,at ito ay sunnah na matatag para sa hindi manlalakbay at manlalakbay,at may mabigat man na dahilan o walang dahilan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8391